# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 18, 2023, LUNES, IKA-9:38 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN ..... PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo
Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban ..... Kagawad
Kagalang-galang Lea A. Almarvez ..... Kagawad
Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. ..... Kagawad
Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw ..... Kagawad
Kagalang-galang Lucena R. Odejar ..... Kagawad
Kagalang-galang Alan T. Pamatmat ..... Kagawad
Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw ..... Kagawad/ABC Federation President

DI-DUMALO:

Kagalang-galang Norman T. Tolentino ..... Kagawad
Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven ..... Kagawad
Kagalang-galang Regine S. Regalado ..... Kagawad/ SK Federation President

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME: [signature] DATE: 10/03/23 TIME: ____ STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECEIVED 03 OCT 2023 Sta. Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 359-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 021-T2023 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 03-T2023 NG BARANGAY OOGONG, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGLALAAN NG HALAGANG P300.00 BILANG DAGDAG SA ALLOWANCE NG LABING WALONG (18) BARANGAY TANOD, DALAWANG (2) BNS; PITONG (7) BHW, ISANG (1) BRK AT ISANG (1) BARANGAY ADMIN NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG ENERO 2024.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Oogong sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 021-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2023 na naglalaan ng halagang P300.00 bilang dagdag sa allowance ng Labing Walong (18) Barangay Tanod, Dalawang (2) BNS; Pitong (7) BHW, Isang (1) BRK, at isang (1) Barangay Admin na magsisimula sa buwan ng Enero 2024;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Ambiel John C. Panganiban at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 021-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2023 ng Barangay Oogong, Santa Cruz, Laguna na naglalaan ng halagang P300.00 bilang dagdag sa allowance ng Labing Walong (18) Barangay Tanod, Dalawang (2) BNS; Pitong (7) BHW, Isang (1) BRK, at isang (1) Barangay Admin na magsisimula sa buwan ng Enero 2024.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng Oogong at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 18, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS** 10/2/23
Punong Bayan

092823346